

Hindi makakapunta sa lugar ng botohan?



vote.nz

Bumoto sa Pangkalahatang Eleksyon 2026

Para makaboto sa Pangkalahatang Eleksyon 2026, kailangang naka-enroll ka bago **maghatinggabi ng Linggo, ika-25 ng Oktubre**.

Maaari kang bumoto sa Pangkalahatang Eleksyon 2026 mula Lunes, ika-26 ng Oktubre, hanggang 7pm sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-7 ng Nobyembre. Tingnan ang **vote.nz** para sa mga oras ng pagbubukas at lokasyon ng mga lugar ng botohan bago ka pumunta.

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, maaari ka pa ring bumoto kung naka-enroll ka bago **maghatinggabi ng Linggo, ika-25 ng Oktubre**.



Complete this form on both sides to authorise someone to collect voting papers on your behalf

Voter's details. Please print clearly.

My first name(s) are:

My last name is:

My contact phone number is:

Address where I am enrolled to vote:

☒ Tick the electoral roll you believe you are enrolled on:

☐

General roll

☐

Māori roll

Available ang impormasyon tungkol sa kung saan at kailan boboto sa [vote.nz](https://www.vote.nz) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 36 76 56.

Maaari kang bumoto sa mga lugar ng botohan mula Lunes, ika-26 ng Oktubre, hanggang 7pm sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-7 ng Nobyembre.

Magkakaiba ang mga araw at oras ng pagbubukas ng mga lugar para sa maagang pagboto. Tingnan ang mga oras ng botohan sa [vote.nz](https://www.vote.nz) bago ka pumunta.

Bukas ang mga lugar ng botohan sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-7 ng Nobyembre, mula 9am hanggang 7pm.

May trabaho sa araw ng eleksyon?

Legal kang pinahihintulutan na hindi pumasok sa trabaho upang pumunta at bumoto sa araw ng eleksyon. Maaari ka ring bumoto nang maaga sa alinmang lugar ng botohan mula Lunes, ika-26 ng Oktubre.

Maaari ka pa ring bumoto kung nasa bahay kalinga ka

Kung nasa bahay kalinga ka, hindi mo na kailangang makipag-ugnayan sa amin. Makikipag-ugnayan ang iyong lokal na Electorate Manager sa iyong bahay kalinga upang isaayos ang mga serbisyo sa pagboto.

Maaari ka pa ring bumoto kung nasa ospital ka

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan dahil nasa ospital ka, mula Lunes, ika-26 ng Oktubre, maaaring dalhin sa iyo ng iyong kaibigan o miyembro ng whānau ang iyong mga papel sa pagboto.

Kung naka-iskedyul kang pumunta sa ospital bago ang araw ng eleksyon, mas makabubuting bumoto nang maaga kung maaari, mula Lunes, ika-26 ng Oktubre. Tawagan kami sa **0800 36 76 56** para sa higit na impormasyon.

Ang iyong mga pagpipilian kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pagboto para sa mga taong hindi makakapunta sa lugar ng botohan. Kung hindi ka makakaboto nang personal, halimbawa, dahil sa karamdaman o kapansanan, maaari mong hilingin sa isang tao na dalhin sa iyo ang iyong mga papel sa pagboto o mag-apply na ipadala sa iyo ang mga papel sa pagboto.

Humingi ng tulong sa isang tao na kolektahin ang iyong mga papel sa pagboto

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, kumpletuhin at lagdaan ang kalakip na form at hilingin sa isang tao na dalhin ito sa lugar ng botohan para sa iyo. Pagkatapos ay ibabalik nila sa iyo ang iyong mga papel sa pagboto para kumpletuhin.

Kung walang maaaring kumuha ng mga papel sa pagboto para sa iyo, maaari naming maihatid ang mga iyon sa iyo. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Electorate Manager para sa iba pang katanungan. Makikita mo ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa [vote.nz](https://www.vote.nz) o tawagan kami sa **0800 36 76 56**.

Paano mo ibabalik ang iyong mga papel sa pagboto

Maaari kang: Humingi ng tulong sa isang tao na dalhin ang nakumpleto mong mga papel sa pagboto sa lugar ng botohan bago mag-7pm ng Sabado, ika-7 ng Nobyembre.

Kung mayroon kang return courier pack, sundin ang mga tagubilin sa pack upang isaayos ang courier pickup; kung hindi naman ay tawagan kami sa **0800 36 76 56** kung kailangan mo ng tulong.



Available ang higit pang impormasyon sa:

- Bisitahin ang [vote.nz](https://www.vote.nz)
- Tumawag sa **0800 36 76 56**

Give my voting papers to the person I have authorised

The name of the person I have authorised to collect and deliver my voting papers to me is:

Note: this application must be signed for it to be valid.



☐ I have been authorised to collect and deliver voting papers to the voter named on this form.

Signature of authorised person	Date
--------------------------------	------

Signature of voter	Date
--------------------	------